



PATNUBAY SA MISA



29 Setyembre 2019

Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

PAMBANSANG ARAW NG MGA MANDARAGAT / UMPISA NG LINGGO NG MGA LAYKO

Ang Kasalanang Maitutuwid ng Lumang Tipan

Tayo ay nagdiriwang ng Ikaadalawampu't Anim na Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang Magandang Balita para sa Linggong ito ay nagtuturo sa ating ang kasalanan ay hindi lamang ang paggawa ng masama. Kasalanan din ang hindi paggawa ng mabuti.

Ang pagpapasasa sa sariling yamang kalakip ng pagwawalang-bahala sa pangangailangan ng iba ay kasalanang papatawan ng Diyos ng parusang walang hanggan. Laman na ng Lumang Tipan ang lunas sa kasalanang ito. Ang pagtuwid nito ang siyang mabisang paghahanda para sa Magandang Balita ng Bagong Tipan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lahat ng iyong ginanap ay makatarungang lahat, yamang kami'y sumalungat, parusa'y'yong inilapat. Hiling namin ay patawad.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Tayo ay binigyan ng Diyos ng yaman para gumawa ng mabuti sa kapwa. Para sa ating pagiging sakim, humingi tayo ng tawad. (Manahimik sandali.)

P— Para sa aming kahinaan ng pananampalataya sa iyong balak na gamitin ang aming yaman para makatulong sa iba, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P— Para sa aming kawalan ng pag-asa sa ligayang walang hanggan at sa pagpapasasa na lamang sa yaman ng daigdig na ito, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pag-ibig sa marami naming kapwang nangangailangan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, ang iyong pinakadakilang magagawa ay magpatawad at ang iyong laging ipinakikita ay pagkakahabag. Padaluyin mo sa aming walang humpay ang kagandahang-loob mong sa ami'y inilaan upang sa pagkakamit namin sa pangako mong bigay, kami'y gawin mong kasalo sa ipagkakaloob mo sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Amos 6:1,4-7

Binabalaan ni Propeta Amos ang mga mayayaman hinggil sa uri ng buhay na nagbubulag-bulagan sa mga parusang darating. Dapat laging isaalang-alang ang hinaharap habang nagpapasalamat sa mga tinatamasa sa kasalukuyan.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Amos

Ito ang sinasabi ng Panginoong makapangyarihan: “Kahabag-habag kayong namumuhay na maginhawa sa Sion! Kahabag-habag kayo na nahihiga sa magagarang kama at nagpapahinga sa malalapad na himlayan, habang nagpapakabusog sa masasarap na pagkain. Lumilikha pa kayo ng mga awit sa saliw ng mga alpa, tulad ni David. Sa malalaking mangkok na kayo umiinom ng alak at mamahaling pabango ang ipinapahid ninyo sa katawan. Ngunit itinangis na ba ninyo ang darating na pagkasawak ng Israel? Hindi.

Kaya nga, kayo ang unang ipatatapon. Matitigil na ang inyong mga pagpipiging at pagsasaya.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 145

B—*Kalul'wa ko, 'yong purihin ang Panginoong butihin!*

R. M. Velez



* Ang maaasahang lagi'y Panginoon, panig sa naaapi, ang Diyos na hukom, may pagkaing handa, sa nangagugutom. **B.**

* Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hini-rang niya'y nililingap. **B.**

* Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila'y doon tumatahan; tumutulog siya sa balo't ulila, masamang balangkas pinipigil niya. **B.**

* Walang hanggang Hari, ang Diyos

na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion! **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Tim 6: 11-16

Tinuturuan ni San Pablo si Timoteong siya ay dapat maging saksi sa kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng kanyang katuwiran, kabanalan, pananalig, pag-ibig, pagtitiis, at kaamuan.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

Ikaw na lingkod ng Diyos, sikapin mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan, pananalig, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan. Gawin mo ang buo mong makakaya sa pakikibaka alang-alang sa pananampalataya at kakamtan mo ang buhay na walang hanggan, yamang diyang tinawag ng Diyos nang ipahayag mo sa harapan ng maraming saksi ang iyong pananampalataya. Sa ngalan ng Diyos na nagbibigay-buhay sa lahat ng bagay, at sa ngalan ni Kristo Hesus na nagpatotoo sa harapan ni Poncio Pilato, iniutos ko sa iyo: ang mga tagubilang ito'y panatilihin mong mabisa at walang kapintasan hanggang sa pagdating ng Panginoong Hesukristo.

Sa takdang panahon, siya'y iha-hayag ng mapagpalang Diyos, ang makapangyarihang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Siya lamang ang walang kamatayan, ang nananahan sa liwanag na di-matitigan. Hindi siya nakita o makikita ninuman. Sa kanya ang karangalan at ang walang hanggang kapangyarihan. Amen!

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya 2 Cor 8:9

B—Aleluya! Aleluya!
Si Kristo ay naging dukha upang tayo'y managana sa bigay n'yang pagpapala.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 16:19-31

Ang talinghaga tungkol sa mayaman at si Lazaro ay nagpapakitang hindi tayo maaaring mabuhay nang walang pakialam sa mga tao sa ating paligid. Ang pangangailangan ng iba ay ang tawag ng Diyos na kumilos para sa ikabubuti nila.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga Pariseo: “May isang mayamang nagdaramit nang mama-halin at saganang-sagana sa pagkain araw-araw. At may isa namang pulubing nagngangalang Lazaro, tadtad ng sugat, na nakalupasay sa may pintuan ng mayaman upang mamulot kahit mumong nahuhulog mula sa hapag ng mayaman. At doo'y nilalapatan siya ng aso at dinidilaan ang kanyang mga sugat.

Namatay ang pulubi, at dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin ang mayaman at inililing. Sa gitna ng kanyang pagdurusa sa Hades, tumingala ang mayaman at kanyang natanaw sa malayo si Abraham, kapiling si Lazaro.

At sumigaw siya: ‘Amang Abraham, mahabag po kayo sa akin. Utusan ninyo si Lazaro na isawsaw sa tubig ang dulo ng kanyang daliri at palamigin sa aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.’ Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Anak, alalahanin mong nagpasasa ka sa buhay sa ibabaw ng lupa, at si Lazaro'y nagtiis ng kahirapan. Ngunit ngayo'y inaaliw siya rito, samantalang ikaw nama'y nagdurusa. Higit sa lahat, inilagay sa pagitan natin ang isang malaking bangin upang ang mga narini ay hindi makapariyan at ang mga nariyan ay hindi makaparini.’ At sinabi ng mayaman, ‘Kung gayon po, Amang Abraham, ipinamamanhik ko sa inyong papuntahin si Lazaro sa bahay ng aking ama, sapagkat ako'y may limang kapatid na lalaki. Paparoonin nga ninyo siya upang babalaan sila at nang hindi sila humantong sa dakong ito ng pagdurusa.’ Ngunit sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Nasa kanila ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta; pakinggan nila ang mga iyon.’ ‘Hindi po sapat ang mga iyon,’ tugon niya, ‘ngunit kung pumunta sa kanila ang isang patay na muling nabuhay, tatalikdan nila ang kanilang mga kasalanan.’ Sinabi sa kanya ni Abraham, ‘Kung ayaw nilang pakinggan ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta, hindi rin nila paniniwalaan kahit ang isang patay na muling nabuhay.’”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Tayong lahat ay binigyan ng Diyos ng yaman at katangian para sa ikabubuti ng iba. Humingi tayo ng tulong sa Kaniya na magamit ang mga ito ayon sa Kanyang kalooban. Ang ating sasambitin ay:

B—Diyos na maawain, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging bukas ang kanilang mga mata, mga kamay, at puso para tumulong sa mga nangangailangan sa kanilang mga pamayanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maging mapangmasid sila sa mga nangyayari sa kanilang paligid at nang makita kung paano sila tinatawag ng Diyos para tumulong sa kanilang kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang mahimok nila ang mga nakaririwasa nating mamamayang gamitin ang kanilang yaman sa pagbibigay

ng trabaho at kabuhayan sa mga dukha, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga taong gumawa ng sarili nilang mundo kung saan walang lugar ang mga maralita, upang malaman nilang may katapusan ang kasarapang kanilang tinatamasa at maaari itong mapalitan ng pagdurusa sa kabilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakati-pon sa pagdiriwang na ito, upang makita natin kung paano tayo tinatawag ng Diyos para maibsan ang paghihirap na dinaranas ng ating mga kapatid, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming mahabagin, isugo Mo sa amin ang handog ng Iyong Espiritu Santo upang malaman namin ang tamang paggamit sa yaman at mga katangiang Iyong bigay at nang kami’y makatulong sa mga naghihirap sa aming paligid. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B—Amen!**



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, loobin mong ikalugod ang aming paghahandog at ito nawa ay siyang magkaloob ng iyong pagpapalang sa ami’y umaagos sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen!**

Prepasyo IV

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na sa

pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtititis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya’t siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai’t inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya’y dumating.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang pangako mo sa akin ngayoy iyang gunitain. Pag-asa kong tatanggapin kahit aba sa’yong tingin ang pagsamo ko’t dalangin.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, ang aming banal na pakikinabang ay magdulot nawa ng kagalingan sa aming katauhan upang kami’y makatambal sa kaluwalhatian

ng aming nilalahukan sa tiniis na kamatayan na amin ngayong ipinahahayag sa ginanap na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.
B–At sumaiyo rin!
P–Pagpalain nawa kayo ng maka-

pangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B– Amen!

P–Humayo kayo sa ligaya ni Kristo
B–Salamat sa Diyos!

Munting Katesismo sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG IBA'T IBANG URING PAGKAKAUTANG

Panimula: Sa tingin ng marami, ang taong nagkasala ay nakagawa ng masama. Para sa ilan, hindi na mahalaga kung ito ay sinadya o hindi. Kaya nga ang batang nakabasag ay pinapalo. Ang taong nakasagasa ay kinukuyog at binubugbog.

Pagpapalalim: Subalit sa mata ng Diyos, ang taong sinadyang gumawa ng masama ang siya lamang nagkasala. Ang nakagawa ng mali, ngunit hindi ito sinasadya, ay nagkamali lamang; hindi siya nagkasala. Ang kasalanan ay ang pagpili sa masama.

Pagbasa: Lucas 16:19-31.

Buod: Sa ating Ebanghelyo, ang mayaman ay walang ginawang masama. Hindi naman niya binugbog si Lazaro. Hindi niya ito sinaktan o ipinahabol sa kanyang mga aso. Ni hindi niya ito sinigawan, minura, at ipinagtabuyan. Ang kanya lamang ginawa ay hindi niya tinulungan si Lazaro. Hindi siya nagdalang-habag at nagkawang-gawa sa kaniya. At dahil dito, ang mayaman ay pinatawan ng kaparusahang walang hanggan.

Kaya ang kasalanan ay hindi lamang ang paggawa ng masama. Kasalanan din ang hindi paggawa ng mabuti. Ang turo nga sa Ebanghelyo ayon kay San Mateo ay ito: “*Ako’y nagutom at hindi ninyo pinakain, nauhaw at hindi ninyo pinainom. Ako’y naging dayuhan at hindi ninyo pinatuloy; ako’y nawalan ng maisuot at hindi ninyo pinaramtan. Ako’y may sakit at nasa bilangguan at hindi ninyo dinalaw.*” (Mateo 25:42-43) “*Itataboy ang mga ito sa kaparusahang walang hanggan.*” (Mateo 25:46a)

Ang mga ito ay nakasaad na sa Lumang Tipan. Ang sabi nga ni Hesus: “*Nasa kanila ang mga sinulat ni Moises at ng mga propeta*” (Lucas 16:29b). Para sa mga Israelita, ang Banal na Kasulatan ay binubuo ng tatlong bahagi: (1) *Torah* – ang mga Kautusan (Moises); (2) *Nebiim* – ang mga Propeta; (3) *Ketubim* – ang mga Kasulatan. Ang unang dalawang bahagi ay malalaki. Ang ikatlo ay higit na maliit. Kaya kapag binabanggit si Moises at ang mga Propeta ay tinutukoy na ang buong Lumang Tipan. Ang hindi nagsasabuhay ng mga ito ay hindi rin matutulungan ng mga turo ng Bagong Tipan: “*Hindi rin nila paniniwalaan kahit ang isang patay na mul-*

ing nabuhay” (Lucas 16:31b). Si Hesus na muling nabuhay ay walang saysay para sa mga taong hindi umiibig sa kapwa ayon sa itinuturo sa Lumang Tipan. Ang pag-ibig sa kapwa ang naghahanda sa tao para tanggapin si Kristo sa kanyang buhay.

Pagsasabuhay: Dapat nating buksan ang ating mga mata para makita ang mga pangangailangan ng ating mga kapatid. Dapat nating buksan ang ating mga puso para maramdaman ang kanilang pinagdaraan. Kailangan nating buksan ang ating mga palad upang tulungan sila sa abot ng ating makakaya.

Pagdiriwang: Ama naming mapagmahal, para Mo nang awang dinggin ang aming mga kahilingan. Isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang mabuksan ang aming mga mata para makita ang mga pangangailangan ng aming mga kapatid. Buksan nawa niya ang aming mga puso para maramdaman ang kanilang pinagdaraan. Buksan na rin sana niya ang aming mga palad upang matulungan namin sa abot ng aming makakaya ang mga taong nangangailangan sa aming paligid. Sana’y kilalanin kaming tunay na mga alagad ng Iyong Anak na muling nabuhay, si Hesukristong aming Panginoon. Amen!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco, J. Feliciano • Circulation: R. Saldúa